REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Pebrero 1, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 25, s 1999

PAMBANSANG KONGRESO SA FILIPINO

Sa Mga Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Panrehiyon at Pansangay na Tagamasid sa Filipino
Punong Guro ng Pribadong at Pampublikong
Paaralan sa Elementarya at Sekundarya

1 Ang Komisyon sa Wikang Filipino at ang Kapisanan ng mga Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Luzon sa pakikipagtulungan ng Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Bicol University at ng Samahang Bikolano sa Wikang Filipino at sa tangkilik ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, ay magtataguyod ng Pambansang Kongreso sa Filipino sa Trident Hall ng Hotel La Trinidad, Lunsod ng Legazpi sa Abril 14 16, 1999 Ang pangkalahatang paksa ng Kongreso ay "Ang Filipino sa Iba't Ibang Rehiyong Etnolinggwistiko

2 Pagkatapos ng Kongreso, ang mga kinatawan ay inaasahang

a) Makakapagtipon ng mga kaalaman at katotohanan tungkol sa Wikang Filipino at iba pang wika sa Pilipinas

b) Makakapagtalakay ng mga pagbabagong nagaganap sa wikang pambansa

k) Makakapaglapat ng mga bagong teorya sa pagtuturo ng wika at panitikan na isinasaalang alang ang mga rehiyong etnolinggwistiko, at

d) Makakapagsuri ng mga pangunahing wika ng Pilipinas at makakagawa ng mga implikasyon tungkol sa pagtuturo sa wika

3 Inaasahang dadalo sa Kongreso ang mga panrehiyon at tagamasid sa Filipino, mga puno/tagapag ugnay ng Kagawaran ng Filipino at mga piling kinatawan mula sa mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado man at pampamahalaan Kalakip nito ang programa ng mga gawain at bilang Inklosyur Blg 1

4 Ang rehistrasyon ng bawat kinatawan na dadalo sa nasabing kongreso ay DALAWANG LIBONG PISO (P2 000 00)

5 Inaasahan ang malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ FSC
Kalihim

**Kalakip**
**Gaya ng nasasaad**

**Sanggunian**
**W a l a**

**Pamumudmod 1—(D O 50-97)**

**Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa**

- **Course of Study, FILIPINO**
- **SEMINARS**
- **SOCIETY or ASSOCIATIONS**

# PAMBANSANG KONGRESO SA FILIPINO

(TEMA ANG FILIPINO SA IBA'T IBANG REHIYONG ETNOLINGGWISTIKO)

Trident Hall Hotel la Trinidad
Lungsod ng Legazpi
Abril 14 16 1999

Mga Tagapagtaguyod
Komisyon sa Wikang Filipino
Kapisanan ng mga Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Luzon

Sa Pakikipagtulungan ng
BU Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino
Samahang Bikolano sa Wikang Filipino

---

PROGRAMA NG MGA GAWAIN

**Unang Araw, Abril 14, 1999**
**Modereytor Prop Marlyn Kallos**

7 30 8 30 Pagpapatala ng mga Delegado

8 30 10 00 Pambukas na Palatuntunan

| | |
|---|---|
| Doksolodyi | Reb P Marlon Madrid<br>Albay Diocese |
| Pambansang Awit | |
| Pambukas na Pananalita | Dr Paz S Sasuca<br>Pangulo KPSWFL |
| Talumpating Pagtanggap | Kgg Imelda C Roces<br>Punong lungsod ng Legazpi |
| Pagpapakilala sa Panauhing Tagapagsalita | Dr Sonia A Gelbolingo<br>BU, Kolehiyo ng Inhinyeriya |
| Pananalita | Dr Lylia Corporal Sena<br>Pangulo Bicol University |

10 00 10 15 MERYENDA

10 15 12 00

MGA ISYUNG PULITIKAL AT SOSYOLOHIKAL TUNGKOL SA WIKA — Dr Nita P Buenaobra, Komisyoner, KWF

P A N A N G H A L I A N

1 00 5 00

ANG AMBAG NG MGA WIKA SA MINDANAO SA WIKANG FILIPINO — Dr Dhamar P Kadon, Komisyoner, KWF

ANG PANITIKANG ILOKO BILANG KAGAMITAN SA PAGTUTURO — Dr Teresita Mercado, Cagayan State University

Ikalawang Araw Abril 15 1999
Modereytor Gng Nimfa Barce Koordineytor KWF

8 00 12 00

LAKBAY ARAL PATUNGO SA BULKANG MAYON

P A N A N G H A L I A N

1 00 5 00

MGA PANGKAT ETNIKO SA PALAWAN IMPLIKASYON SA PAGTUTURO — Dr Erlinda San Juan, Palawan State University

ANG KALAGAYAN AT KINABUKASAN NG WIKANG FILIPINO SA CEBU — Atty Lourdes U Barcenas, Komisyoner KWF

Ikatlong Araw Abril 16, 1999 — Modereytor Prop Antonio Poblete, Koleheyo ng Agrikultura

8 00 12 00

ANG PAGSULAT NG AKLAT PAMPANITIKAN SA FILIPINO — Dr Perla U Ilit, Mariano Marcos State University

MAPANURING PAGHAHAMBING NG BIKOL AT FILIPINO IMPLIKASYON SA PAGTUTURO NG FILIPINO — Dr Paz S Sasuca, Bicol University

P A N A N G H A L I A N

1 00 3 00

Sintesis ng mga Talakay
Paggawa ng mga Balak at mga Pagpapasiyang pangwika

3 00 3 15 M E R Y E N D A

3 15 5 00

1 Pangwakas na Palatuntunan
2 Pagtanggap ng mga Sertipiko ng Pagdalo
3 Pangwakas na Pananalita — Dr Teresita Mercado, Pangalawang Pangulo KPSWFL